JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Kwarter 2 - Modyul 2:
## Agrikultura



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode (ADM)**
**Kwarter 2 - Modyul 2: Pagtukoy ng mga Halamang Ornamental Ayon sa Pangangailangan**
**Unang Edisyon, 2020**

Paunawa hinggil sa karapatang sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293 na: Hindi maaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ng pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamitsa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na royalty bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalanng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula at iba pa) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay sa isangkasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS) Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghingi ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinatawan ng tagapaglathala (publisher) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Module**

**Developer:** Flora May A. Jaldon
**Editors:** Allan T. Garcia, Ed.D.
James B. Delos Reyes, PhD
**Reviewers**: Laarni V. Miranda, Ed.D.
**Team Leader:** Elsa A. Marcos, Ed.D.
**Illustrator:** Gilbert B. Zamora
**Layout Artist:** Flora May A. Jaldon
**Management Team:** Roy C. Tuballa EMD., JD., CESO VI
Jay S. Montealto, CESO VI
Norma T. Francisco, DM
Mildred D. Dayao, Ed.D.
Laarni V. Miranda, Ed.D.
Aida F. Coyme, Ed.D.

**Printed in the Philippines**
Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula

Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center, Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur Province 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



# ALAMIN

Mabuhay! Ang modyul na ito ay naglalayong matulungan ang mga guro at mag-aaral na maipagpatuloy ang kanilang pagtuturo at ang pagkamit na karunungan sa panahon ng pandemya.

Idinisenyo at isinulat ang modyul na ito na kayo ang nasa isipan. Matutulungan kayo nito upang kayo'y maging mahusay, bihasa, at malayang mag-aaral sa pagkatuto ng mga aralin na may kaugnayan sa pagtatanim,

Nilalaman:

Ang halaman/punong ornamental ay itinatanim upang magbigay ng kagandahan sa mga tahanan, paaralan, hotel, restaurant, at parke lalo na kapag ang mga tanim na halaman/punong ornamental ay malulusog, malalago, makukulay, at maayos ang pagkakahanay.

Ang modyul na ito ay tungkol sa: Pagtukoy ng mga Halamang Ornamental Ayon sa Pangangailangan

Pagkatapos ng mga aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nakakagawa ng survey questions upang matukoy ang disenyo o plano ng pagtatanim ng pinagsamang halamang ornamaental at iba pang mga halamang angkop dito.
2. Naibibigay ang mga dapat gawin sa pag su-survey
3. Nakakaguhit ng simpleng landscape



# SUBUKIN

1. Ano ang pamamaraan kung saan ginagamit ang sukat ng pangkaisipan, opinion, at pandamdam?
   a. pananaliksik c. survey
   b. internet d. teknolohiya
2. Ano ang tawag sa pagpapaganda ng isang lugar sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halamang ornamental?
   a. gardening c. landscape gardening
   b. intercropping d. pagtutubo
3. Ang intercropping ay paraan ng pagtatanim ng halamang ornamental na maaring_________.
   a. isama ang mga halamang gulay
   b. ihiwalay ang mga gulay sa mga halamang pampalamuti
   c. itabi sa isang sulok ang mga halamang naiiba
   d. itanim sa tabi ng ibang halamang ornamental

4. Alin sa mga sumusunod ang uri ng halamang ornamental na di-namumulaklak?
    a. Snake plant c. Gumamela
    b. Santan d. Rose
5. Ano ang tawag sa paraan ng pagtatanim sa punlaan?
    a. di-tuwirang pagpapatubo c. landscape
    b. tuwirang pagpapatubo d. intercropping

| Lesson 2 | Pagtukoy ng mga Halamang Ornamental Ayon sa Pangangailangan |
|---|---|



## *BALIKAN*

Alamin natin ang mga kahulugan:

- Survey- ay isang pamamaraan kung saan ginagamit ang sukat ng pangkaisipan, opinion, at pandamdam.
- Search- ay isang pamamaraan sa paghahanap sa internet.
- Landscape gardening- ang tawag sa pagpapaganda ng isang lugar sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halamang ornamental.
- Intercropping- ay ang pagpapalaki ng dalawa o higit pang mga pananim nang sabay-sabay sa parehong lugar ng lupain.
- Angkop- wasto o tama
- Katangian- uri ng tao, hayop, halaman o kagamitan.
- Punlaan- ang punla ay isang paraan ng pagtatanim kung saan sa isang kahon muna itinatanim ang halaman at pinapatubo ng 3 hanggang 4 na dahon at inililipat sa kamang taniman.
- Masagana- marami, mayabong o mabunga



## *TUKLASIN*

## Pagtukoy ng mga Halamang Ornamental Ayon sa Pangangailangan

Nakarating o nakapunta na ba kayo sa mga tindahan ng mga halamang ornamental (ornamental nursery)? Saang mga lugar kayo nakarating? Nakapagtanong na ba kayo ng mga bagay tungkol sa pagtatanim ng mga ito?

Kung hindi pa, tignan ang larawan nasa ibaba. Ito ang larawan ng tindahan ng mga halamang ornamental (ornamental nursery)



Mga dapat alamin bago ang pagtatanim ng halamang ornamental na kung ang lahat na ito ay maisasakatuparan, nakakasiguro na tayo ay magiging masagana.

- Inaangkop sa lugar at sukat nito na maaaring taniman sa tahanan o pamayanan.
- Dapat din nating alamin ang gusto ng mga mamimili
- Ang panahon ng pagtatanim
- Ang mga pangangailangan sa pagsasagawa ng simpleng landscaping
- Magiging kita sa pagtatanim

Kaya sa pamamagitan ng pagsu-survey, dapat nating alamin ang sumusunod na bagay:

a. Mapapaganda ang ating bakuran, tahanan, at pamayanan.
b. ang mga gustong halaman/punong ornamental ng mga mamimili.
c. kailan dapat itanim ang bawat halaman/punong ornamental.
d. ang mga pangangailangan gaya ng mga kagamitan at kasangkapang gagamitin sa pag tatanim.
e. ang magiging kita sa pagtitinda o pagsasagawa ng simpleng landscaping ng mga halaman/punong ornamental.

**Halimbawa ng katanungan o survey questions:**

a. Paano ba mapapaganda ang isang simpleng tahanan o pamayanan?
b. Ano-ano bang halaman/punong or namental ang gusto ng mamimili?
c. Ang mga napili bang halaman/punong ornamental ay maaaring itanim ng tag-ulan o tag-araw?
d. Ano-anong pangangailangan ang dapat ihanda sa pagtatanim ng mga halaman/punong ornamental?
e. Paano mapagkakakitaan ang pagtatanim ng mga halaman/punong ornamental?

Kapag nakapangalap na ng mga impormasyon mula sa mga taong tulad ng gumagawa ng landscape gardening, nagtitinda at mga nagtatanim ng mga halamang ornamental pero dahil sa pandemic, maari lamang kayo mag tanong sa inyong mga magulang, sa nakatatandang kapatid o mag search sa internet gamit ang cellphone o iba pang gadget

**"Intercropping" ng Halamang Ornamental sa Halamang Gulay**

Muli kayong magsasagawa ng isang *survey* para matukoy ang pagbabago ng kalakaran sa pagpapatubo ng halamang ornamental.

Tignan ang larawan ng mga halamang ornamental, obserbahan ninyo kung maaari itong taniman na kasama ng halamang gulay.



Mga katanungan: (Survey questions)

1. Ano-anong halamang gulay ang maaaring isama sa tanim na halamang ornamental?
2. Sa mga halamang ornamental na namumulaklak, maaari po bang isama sa taniman ang halamang gulay na namumunga?
3. Sa paanong paraan maaaring gawain kapag ang isasamang halamang gulay ay medaling maani sa tamang panahon?

Sa nakalap na impormasyon tungkol sa isinagawang pagsu-survey ang naging kasagutan sa **unang tanong** ay mas mainam ipagsama ang mga halamang may iba't ibang taas o laki halimbawa sa isang vegetable landscape yaong nasa pinaka-ibaba ay mga iba't ibang kulay ng letsugas at mayana, sa bandang gitna ay mga okra o talong at camia o San Francisco at sa itaas ay malunggay at katuray, euphorbia, at ilang-ilang. Sa **ikalawang kasagutan** naman ay opo, maaaring isama ang mga namumulaklak sa mga namumungang halaman. At sa **ikatlong kasagutan**, yaong mga letsugas kahit madali ang kanilang panahon ng pag-aani ay maaaring unti-untiin lamang sa pamamagitan ng pagkuha ng mga dahon na maaari nang anihin hanggang sa maging magulang na ito.

## Pagtukoy sa Disenyo o Plano ng Pagtatanim ng Pinagsamang Halamang Ornamental at Iba Pang mga Halamang Angkop Dito

Bago maisagawa ang simpleng landscaping, ang plano at disenyo ng pagtatanim ng pinagsamahang halamang ornamental at iba pang mga halamang angkop dito ay kailangan ihanda. Sa pagkakaroon ng kaakit-akit na tanawin para sa tahanan o pamayanan, dapat ay pag-aralan ang mga bagay na kailangan gawin.

Ang anumang gawain upang maisakatuparan ay nangangailangan ng masusing pagpaplano. Ang paghahanda ng plano ay isang paraan upang maisagawa nang maayos at mabilis ang isang gawain. Ang pagkakaroon ng plano ay makatutulong upang makitipid sa pera, kagamitan, oras, at lakas.

Maraming nagnanais na magkaroon ng mgandang tanawin sa bawat tahanan, lalo na ng landscape gardening.

Kaya nasa pagpaplano, ang ikaaayos sa pagsasagawa ng disenyo ng pagtatanim ng mga pinagsamang halamang ornamental at iba pang mga halamang angkop dito. Makakatipid sa oras, lakas, panahon, at salapi. Bukod dito, dapat alamin din ang sukat ng lugar na pagtataniman, pangangailangan ng mag-anak, at lugar na pagtataniman nito. Kaya kailangang maghanda ng listahan ng mga bagay na dapat isaalang-alang sa ikatatagumpay ng gawain.

## Pagtukoy sa Paraan ng Pagtatanim at Pagpapatubo ng mga Halamang Ornamental

Ang dalawang paraan ng pagtatanim sa paraang di-tuwiran at tuwirang pagpapatubo. Isa-isahin natin ang mga ito.

### Wastong paraan ng pagtatanim sa di-tuwirang pagpapatubo

1. Ihanda ang kahong punlaan.



2. Ibabad ng magdamag ang mga butong pantanim o sangang pantanim sa tubig.
3. Ipunla sa kahong punlaan at takpan habang di pa lumalabas ang unang sibol.
4. Kapag nagsisismula nang sumibol ang mga bata buto, unti-unting ilantad sa araw ang mga kahong punlaan.



5. Kapag nakabuo na ng tatlo hanggang apat na totoong dahon, maari na itong ilipat sa kamang taniman.



6. Piliin ang mga payat at dikit-dikit na punla. Itanim sila na magkakahiwalay sa kahong punlaan upang lumaki ng malusog saka sila ilipat sa kamang taniman.
7. Iwasang mapinsala ang mga ugat ng punla kung ito ay ililipat tanim.

### Wastong paraan ng pagtatanim sa tuwirang pagpapatubo

1. Ihanda ang lupang taniman at diligan.
2. Lagyan ng patpat at tali na may buhol upang maging gabay.





3. Gumawa ng mga butas sa ilalim ng buhol.
4. Maghulog ng 2-3 butong pantanim o sangang pantanim.



5. Takpan ng manipis na lupa ang bawat butas na may pantanim.
6. Maingat na diligan ang paligid ng butas.

**Pagpili ng itatanim na halamang ornamental**



- Ang mga punong ornamental na matataas at itinatanim sa gilid, sa kanto, o sa gitna ng ibang mababang halaman.
- Ang mga halamang ornamental na mabababa ay itinatanim sa mga panabi o paligid ng tahanan, maaari sa bakod, sa gilid ng daanan o pathway.
- Ang mga namumulaklak na halaman/punong ornamental ay inihahalo o isinasama sa mga halamang di namumulaklak.
- Ang mga mga halaman/punong ornamental na medaling paliguin ay maaaring itanim kahit saan ngunit ang mga mahirap palaguin ay itinatanim sa lugar na maaalagaan nang mabuti.
- Ang mga halamang ornamental na lumalago sa lupa ay maaaring itanim sa tamang makakasama nito at ang mga halamang lumalago sa tubig ay maaari sa mga babasaging sisidlan sa loob ng tahanan o sa fish pond sa halamanan.

Gumawa muna ng layout ng pagtanim ng mga halaman o puno upang hindi masayang ang pagod, lakas, pera, at oras at makasisiguro pa na magiging maayos ang pagsasagawa ng simpleng landscaping sa tahanan o sa paaralan. Ang lupang tataniman ay dapat suriing mabuti sa ikagaganda ng pagsibol at paglaki ng mga halaman/punong ornamental.



## ***SURIIN***

Ang halaman/punong ornamental ay itinatanim upang magbigay ng ganda sa mag tahanan, paaralan, hotel, restaurant, at parke lalo na kapag ang mga tanim na halaman/punong ornamental ay malulusog, malalago, makukulay, at maayos ang pagkakahanay.

Ang pagbabago sa kalakaran sa pagpapatubo ng halamang gulay na kasama sa halamang ornamental ay isang kaaya-ayang gawain. Maraming makukuha kapag may tanim kang namumulaklak na halamang ornamental at mga madadahong gulay. Sa pagtatanim ng mga ganitong halaman ay mabibigyan ka ng kasiyahan at sariwang gulay. Karaniwan na itinatanim ay mga herbs taglay ang ganda ng tanim, ang sukat nito ay di gaanong mataas at ang lugar ay maari kahit sa maliit na espasyo sa bakuran ng tahanan.

Kapag napag-aralan na ninyo ang mga pisikal na kaanyuan ng lugar ng isasagawang landscaping sa tahanan, alamin kung alin sa mga nakatanim na halaman o puno ang dapat na tatanggalin at yaong iiwan sa lugar o pananatilihin. Alamin din ang kalagayan ng kapaligiran, kung saang lugar sa pagtatanim ang may malakas sa ihip ng hangin sa panahon ng tag-bagyo, ang lugar na may

matinding sikat ng araw, ang padaluyan ng tubig baha, at kung saan may puminsalang insekto.

Kalimitan ang mga halamang ornamental ay nagmumula sa buto at sanga. Ang pagpapatubo ng mga ito ay dapat bigyang pansin dahil ditomagmula ang ikagaganda ng mga tanim. Tiyakin din na walang ligaw na halaman gaya ng mga damo na tutubo sa kamang taniman. Kapag malalaki na ang mga punla, bungkalin nang marahan ang paligid ng halaman upang makahinga ang mga ugat nito at lumaki kaagad.



## *PAGYAMANIN*

Panuto: Piliin ang karugtong na pangungusap sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| tubig | matataas | mababa |
| saan | namumulaklak | |

1. Ang mga punong ornamental na__________ay itatanim sa gilid.
2. Ang mga halamang ornamental na___________ay itatanim sa daanan o pathway.
3. Ang mga halamang lumalago sa __________ay maaari sa mga babasaging sisidlan sa loob ng bahay o sa fish pond halaman.
4. Ang mga halaman/punong ornamental na madaling palaguin ay maaaring itanim kahit__________.
5. Ang mga__________na halaman/punong ornamental ay isinasama sa mga halamang di-namumulakla.



## *ISAISIP*

Ano-ano ang dapat nating alamin sa pag su-survey?

1.____________________________________________________________

2.____________________________________________________________

3.____________________________________________________________

4.______________________________________________________________________

5.______________________________________________________________________

Ano ang dalawang paraan sa pagtatanim ng mga halamang ornamental?

1.________________________________

2.________________________________



## *ISAGAWA*

Panuto: Gumawa ng survey questions upang matukoy ang disenyo o plano ng pagtatanim ng pinagsamang halamang ornamaental at iba pang mga halamang angkop dito.

1.________________________________________________________________________

2.________________________________________________________________________

3.________________________________________________________________________



## *TAYAHIN*

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong paraan para matukoy ang mga halamang ornamental na nararapat itanim sa ating bakuran?
   a. survey c. pagdisenyo
   b. pagtanim d. pagtutubo
2. Bakit kailangan natin gumawa ng survey?
   a. upang malaman natin ang nararapat itanim sa ating bakuran.
   b. upang gumawa ng disenyo.
   c. upang gumawa ng landscaping.
   d. lahat ng nabanggit.
3. Ano ang tawag sa pagpapaganda ng isang lugar sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halamang ornamental?
   a. landscape gardening b. vegetable gardening
   c. floral arrangeme d. urban gardening
4. Ano ang dapat mong ihanda bago isagawa ang pagsu-survey?
   a. mga kagamitan c. survey questions
   b. ang mga halamang ornamental d. lahat ng nabanggit
5. Alin dito ang paraan ng pagtatanim ng halamang ornamenta na tuwirang pagtatanim?

a. pagtanim sa punlaan c. pagtanim sa lata
b. pagtatanim sa paso d. pagtanim sa lupa

6. Alin dito ang uri ng halamang ornamental na lumalaki?
   a. Pine tree c. Santan
   b. Snake plant d. Gumamela
7. Ano ang tawag sa paraan ng pagtutubo ng halamang gulay kasama sa halamang ornamental?
   a. intercropping c. vegetable gardening
   b. landscape gardening d. urban gardening
8. Ano ang unang paraan sa pagtatanim sa di-tuwirang pagpapatubo?
   a. Ihanda ang lupang taniman at diligan.
   b. Ihanda ang kahong punlaan.
   c. Ibabad ng magdamag ang mga butong pantanim.
   d. Ipunla sa kahong punlaan.
9. Pagkatapos ihanda ang lupang taniman at diligan. Ano ang susunod mong gagawin?
   a. Maghulog ng 2-3 butong pantaniman o sangang pantaniman.
   b. Lagyan ng patpat at tali na may buhol upang maging gabay.
   c. Gumawa ng mga butas sa ilaim ng buhol.
   d. Diligan ulit ang lupang taniman.
10. Saan dapat itanim ang mga mataas na halaman/punong ornamental?
    a. sa gilid ng ibang mababang halaman c. sa gilid ng daanan
    b. sa bakod d. kahit saan



## *KARAGDAGANG GAWAIN*

Panuto: Gumuhit ng simpleng landscape garden. Tignan ang kraytirya gawin itong gabay sa pag-guhit.

| Mga Kraytirya | Puntos | |
|---|---|---|
| | Ganap na puntos | Marka ng bata |
| 1. Pagkamapanlikha (Originality) | 35 | |
| 2. Kabuuang Presentasyon | 35 | |
| 3. Pagkamalikhain (Creativity) | 30 | |
| Kabuuan | 100 | |



# SUSI SA PAGWAWASTO

***Pagyamanin***

1. matataas 2. mababa 3. tubig 4. saan 5. namumulaklak

***Isaisip***

- Inaangkop sa lugar at sukat nito na maaaring taniman sa tahanan o pamayanan.
- Dapat din nating alamin ang gusto ng mga mamimili
- Ang panahon ng pagtatanim
- Ang mga pangangailangan sa pagsasagawa ng simpleng landscaping
- Magiging kita sa pagtatanim

dalawang paraan sa pagtatanim ng mga halamang ornamental

1. Tuwirang pag-tatanim 2. Di- tuwirang pag-tatanim

**Isagawa:**

1. Ano-anong halamang gulay ang maaaring isama sa tanim na halamang ornamental?
2. Sa mga halamang ornamental na namumulaklak, maaari po bang isama sa taniman ang halamang gulay na namumunga?
3. Sa paanong paraan maaaring gawain kapag ang isasamang halamang gulay ay medaling maani sa tamang panahon?

***Tayahin:***

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***1. a*** | ***3. a*** | ***5. c*** | ***7. a*** | ***9. b*** |
| ***2. a*** | ***4. c*** | ***6. a*** | ***8, b*** | ***10. a*** |

***Karagdagang Gawain***

Ang guro ang mag-bigay ng puntos sa iginuhit ng mag-aaral

## *SANGGUNIAN:*


"Halamang Ornamental," Flora May A. Jaldon, Landscape captured on July 20 2020.

"*Vermi Presentation*," Alex Magtulis, last modified November 11, 2012, www.slideshare.com